

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0012
	Title	Omnibus Guidelines on the Accreditation of Health Facilities (HFs) to the National Health Insurance Program

TANONG	SAGOT
1. Ano ang layunin ng polisiyang ito?	Upang ipabatid sa mga accredited “health facilities” (HF) at sa mga mag-a-apply ng accreditation ang mga bagong proseso sa accreditation.
2. Sino ang sakop ng polisiyang ito?	Sakop nito ang lahat ng accredited, mga dati nang accredited, at mga HFs na mag-a-apply ng accreditation sa PhilHealth.
3. Ano ang dapat gawin ng HF kung sakaling ang accredited Medical Director ay nagretiro, namatay, o nagbitiw na sa kanyang tungkulin, gayundin kung ang kanyang accreditation ay nag-expire o mayroong gap sa kanyang accreditation?	a. Kailangang agad na mag-renew ng accreditation ang medical director upang hindi magkaroon ng temporary withdrawal ang accreditation ng HF. b. Maaaring mag-appoint ang HF mg Officer-in-Charge of OIC na may valid accreditation.
4. May nabago ba sa mga requirements para sa accreditation ng HF?	a. Sa ilalim ng bagong polisiya, hindi nakailangang magsumite ng audited financial statements at photographs ng HF. b. Gayun din, ang gamit ng HF na hospital admission logbook ay hindi na rin kailangan “authenticated” ng PhilHealth. c. Samantala, ang mga nadagdag na requirements para sa initial application ay makikita sa Annex A ng Circular.
5. Mayroon bang adjustment sa accreditation fees?	Wala. Ang accreditation fees ay nakalagay sa pahina 12 at 13 ng Circular at hindi refundable ang mga nakasaad na halaga.
6. Awtomatiko na ba ang accreditation ng HF kapag nakapagsumite ng kumpletong requirements?	Hindi. Kung mayroong nakasampung kaso laban sa aplikanteng HF, ang aplikasyon nito ay dadaan sa deliberasyon ng Regional Accreditation Committee (RAC). Makatatanggap ng pormal na sulat ang HF tungkol sa resulta ng deliberasyon (appeal/MR) ng RAC kung naaprubahan o na-deny and aplikasyon para sa accreditation

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0012
	Title	Omnibus Guidelines on the Accreditation of Health Facilities (HF) to the National Health Insurance Program

7. Paano kapag na-deny ang aplikasyon ng HF?	Maaaring magsumite ang HF ng appeal/motion for reconsideration (MR) sa loob ng 30 araw mula sa pagtanggap ng letter of denial.
8. Paano kapag na-deny ang appeal/MR?	Ito ay nangangahulugang final at executory na ang desisyon. Maaaring mag-apply ang HF ng re-accreditation.
9. Ilang taon ang validity ng renewal ng accreditation?	<p>Simula 2024, maaaring mabigyan ng hanggang tatlong taong accreditation ang HF. Ang mga HF na nabigyan ng tatlong taong accreditation ay kailangan pa ring magsumite ng kanilang bagong LTO/Certification tuwing Enero ng accreditation cycle.</p> <p>Ang mga ibang HFs na may tatlong taong LTO tulad ng Free Standing Dialysis Clinics, Ambulatory Surgical Clinics at Primary Care Facilities o Konsulta, ang ay hindi na kailangan magsumite ng LTO/ Certification habang valid pa ang mga ito.</p>
10. Kailangan bang permanente ang employment status ng medical director/ head of HF?	Hindi. Kahit temporary ang status ay pwede.
11. Maraming ospital na accredited din iba't-ibang outpatient benefit (OPB) packages. Maaari bang ang medical director o medical center chief na rin ang Head of the Facilities (HoF) para sa mga packages na ito?	Oo. Maaari silang maging HoF ng mga OPB Packages kagaya ng TB DOTS, Animal Bite treatment package, at OHAT.
12. Kailangan bang mag-apply ng re-accreditation kapag natapos na ang suspension ng 1 HF?	Kung may nalalabi pang araw o buwan sa validity ng accreditation ng HF ay hindi na kailangang mag-apply. Ngunit kung malapit nang matapos ang validity ng accreditation sa pagtatapos ng suspensiyon, maaari nang mag-apply ang HF para sa susunod na accreditation cycle.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2023-0012
	Title	Omnibus Guidelines on the Accreditation of Health Facilities (HFs) to the National Health Insurance Program

13. Kailangan bang tanggalin ng HF ang PhilHealth signage nito kapag denied ang kanilang aplikasyon para sa accreditation?	Kapag na-deny ang aplikasyon, appeal, o MR kailangan maglagay ng karatula sa tabi ng PhilHealth signage, na nagsasabi na ang HF ay hindi na accredited. Hindi PhilHealth ang magtatanggal nito sapagkat ang HF ang may- ari ng signage.
---	---